



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang oras ay mahalaga sa bawat isa sa atin. Ginagamit ito upang sukatin ang tagumpay ng isang tao, ang kanyang pag-unlad, at pagtupad ng adhikain sa buhay. Ginagamit din ang oras bilang batayan sa paggawa ng mahahalagang bagay, tulad ng pag-iskedyul ng mga gawain at proyekto.

Lahat ng gawain ng tao ay may kaugnayan sa oras. Tulad halimbawa sa ating pagkain. Kumakain tayo sa takdang oras sa isang araw. May mga takdang oras din para tayo ay magtrabaho at matulog.

Sa modyul na ito, tatalakayin natin kung paano ginagamit ang oras sa ating pang-araw-araw na gawain. Mabibigyan din tayo ng mga ideya kung paano maisasaayos ang pamamahala ng oras natin para magamit ito nang maayos at kapaki-pakinabang.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito. Ito ay ang sumusunod:

Aralin 1 – *Ilang Oras Pa?*

Aralin 2 – *Nasa Tamang Iskedyul*

Aralin 3 – *Pagbabasa ng Talaan ng Oras*



## Anu-ano ang mga Matutuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang:

- ◆ makukuwenta mo ang pagkakaiba ng dalawang naitalang oras, ginamitan man ito ng labindalawahang oras o dalawampu't apatang-oras na orasan;
- ◆ makagagawa ka ng iskedyul ng iyong mga gawain; at
- ◆ mababasa at maiintindihan mo ang talaan ng oras ng pagdating at pag-alis o talaorasan.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pagbabasa ng modyul na ito, sagutin muna ang sumusunod na katanungan. Ito ay para malaman mo kung anu-ano na ang mga alam mo tungkol sa paksa ng modyul na ito.

1. Si Aling Gina ay nagsimulang maglaba nang 2:25 ng hapon at natapos siya nang bandang 5:10 ng hapon. Gaano katagal na naglaba si Aling Gina?

Solusyon:

2. Nagsimulang magtrabaho si Mang Ramon sa kanyang bukid ika-1050 ng oras at natapos siya nang ika-1420 ng oras. Gaano katagal na nagtrabaho sa bukid si Mang Ramon?

Solusyon:

3. Maysakit si Nelson at kailangan niyang uminom ng gamot tuwing ikalawa at kalahating oras. Kung nagsimula siyang uminom ng gamot sa ika-0920 ng oras, anong oras siya iinom para sa pangalawa at pangatlong pag-inom niya ng gamot?

Solusyon:

4. Ang mga Filipino ay kilala sa ugaling may “mañana habit” o ang ugaling pagsasabukas ng mga gawaing maaari pang magawa para sa ngayon. Ipaliwanag ang hindi mabuting epekto nito at magbigay ng mga panukala o suhestiyon kung paano mababago ang kaugaliang ito.

---



---



---



---



---

5. Tingnan ang talaorasan sa ibaba.

Mula Manila tungo sa	Biyahe-Bilang/ Uri ng Sasakyan	Dalas ng Pag-alis	Oras ng Pag-alis	Oras ng Pagdating
Zamboanga	PR 123 (A320/B737)	Araw-araw	0450H	0620H
Zamboanga	PR 125 (B737)	Araw-araw	1530H	1700H

Mula Manila tungo sa	Biyahe-Bilang/ Uri ng Sasakyan	Dalas ng Pag-alis	Oras ng Pag-alis	Oras ng Pagdating
Zamboanga	PR 124 (A320/B737)	Araw-araw	0720H	0850H
Zamboanga	PR 126 (B737)	Araw-araw	1740H	1910H

Batay sa talaorasan, sagutin ang sumusunod:

- a. Anong biyahe-bilang at uri ng sasakyan ang nakatakdang umalis galing sa Maynila patungong Zamboanga sa ika-5:40 ng hapon?

-----

- b. Ano ang oras ng pagdating ng biyahe-bilang PR 123?

-----

- c. Saan patungo ang biyahe-bilang PR 124?

-----

- d. Anong oras darating ang biyahe-bilang PR 126?

-----

Ano sa tingin mo? Nasagutan mo ba nang tama ang mga katanungan? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 45–46 ng modyul na ito.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ito upang mabalik-aralan ang mga nalalaman mo na. Maaari ring maragdagan nito ang iyong nalalaman.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Matututo ka rin ng mga kaalamang magagamit mo sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, tiyak na masasagutan mong lahat ang mga pagsusulit at pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Buklatin sa susunod na pahina upang masimulan ang Aralin 1.

## Ilang Oras Pa?

Ano ang oras? Araw-araw gumagamit tayo ng orasan o relo, kalendaryo at talaan ng iskedyul para ayusin ang ating mga gawain. Ang oras o panahon ay mahalaga sa atin. Subalit bihira sa atin ang makapagpapaliwanag kung ano ang oras.

Ang modyul na ito ay hindi para subukang ipaliwanag kung ano ang oras, na isang mahirap na konsepto maging sa mga dalubhasa sa siyensiya. Sa halip, pag-aaralan mo sa modyul na ito kung paano sukatin ang oras at kung paano ito gamitin nang tama para maisaayos ang iyong mga gawain.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang:

- ◆ matutukoy mo ang mga pangkaraniwang pamantayan sa pagsukat ng oras; at
- ◆ makukuwenta mo ang pagitan ng oras batay sa dalawang pagbasa ng oras na ginagamitan ng may labindalawang sukat ng oras at may dalawampu't apat na sukat ng oras.



### Subukan Natin Ito

Tingnan natin kung kaya mong sukatin ang haba ng oras ng isang pangyayari. Subukan mong sagutin ang sumusunod na tanong. Maaaring ang sagot mo ay nasa segundo, minuto, oras, araw, linggo, buwan, at taon. Maaari mo ring ibigay ang katumbas lamang nito sakaling hindi mo alam ang eksaktong sukat.

1. Gaano katagal ka kung magsipilyo ng iyong ngipin?

-----

2. Gaano kahaba ang tulog mo sa gabi?

-----

3. Ilang taon pa mula ngayon para umabot ka sa gulang na limampu (50)?

-----

4. Gaano kadalas ka kung magputol ng iyong mga kuko?

-----

5. Gaano katagal para basahin mo ang pangungusap na ito?

-----

6. Gaano katagal pa bago ang iyong susunod na kaarawan?

-----

Sa ibaba ay mga halimbawang sagot para sa mga unang katanungan:

1. Gaano katagal ka kung magsipilyo ng iyong ngipin?

Limang (5) minuto

2. Gaano kahaba ang tulog mo sa gabi?

Pitong (7) oras

3. Ilang taon pa mula ngayon para umabot ka sa gulang na limampu (50)?

Tatlumpong (30) taon mula ngayon

4. Gaano kadalas ka kung magputol ng iyong mga kuko?

Minsan sa isang linggo

5. Gaano katagal para basahin mo ang pangungusap na ito?

Tatlong (3) segundo

6. Gaano katagal pa bago ang iyong susunod na kaarawan?

Sampung (10) buwan mula ngayon

Nakasalalay sa oras ang ating mga gawain. Kung hindi natin susukatin ang oras, ang ating mga gawain ay maaaring magulo o hindi magawa. Makatutulong sa atin ang pagsukat sa oras para malaman kung gaano katagal naganap o magaganap ang isang pangyayari. Masusukat din nito ang tagal o panahong nagugol sa isang aktibidad na naganap, kasalukuyang naganap, o magaganap pa lamang.



## Magbalik-aral Tayo

Bakit mahalaga ang pagsusukat ng oras? Ipaliwanag ang iyong sagot.

---

---

---

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47 ng modyul na ito.




## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Alam mo ba na merong dalawang uri ng orasan na ating pinagbabasehan para makapagsabi tayo kung anong oras na? Ito ay ang labindalawahang-oras (12-hour) at dalawampu't apatang-oras (24-hour) na orasan. Pag-aralan natin ang mga ito.

Ang labindalawahang-oras na orasan (12-hour clock)

Ang relos o orasan na karaniwan nating ginagamit para sukatin ang oras ay ang labindalawahang-oras na orasan. Sa bandang kanan ng pahinang ito ay may larawan ng isang labindalawahang-oras na orasan. Nahahati ito sa labindalawang oras.



Dahil mayroong dalawampu't-apat na oras ang isang araw, dalawang beses na iikot ang labindalawahang-oras na orasan sa isang araw. Isang bahagi ng araw ay mula hatinggabi (12:01 ng hatinggabi) hanggang ika-tanghali ng araw o 11:59 ng umaga. Ang isang kalahati ng araw ay mula 12:00 ng tanghali hanggang hatinggabi o 11:59 ng gabi.

Alam mo ba kung anong ibig sabihin ng a.m. at p.m.? Ano mang oras sa a.m. ay nagaganap mula hatinggabi (12:01a.m.) hanggang katanghalian (11:59 a.m.). Nagmula sa salitang Latin na *ante meridian* ang terminong “a.m.”. Samantala ang “p.m.” mula sa salitang Latin na *post meridian*—ay tumutukoy sa pagitan ng tanghali at hatinggabi (12:01 p.m. at 11:59 p.m.)

### Pagsukat sa Pagitan ng Oras

Paano natin susukatin ang pagitan ng oras sa isang labindalawahang-oras na orasan? Basahin natin ang mga halimbawa sa ibaba para atin itong malaman.

#### HALIMBAWA 1

Ang mga estudyante ni Gng. Santos ay nagsimulang kumuha ng pagsusulit mula ika-9:00 ng umaga at natapos sila ika-11:30 ng umaga. Gaano katagal ang pagsusulit ng mga estudyante?

#### Solusyon:

Ang dalawang nakasaad na oras ay parehong naitala sa umaga, kaya puwede na nating gamitin ang paraan ng pagbabawas o *subtraction*. Ihiwalay ang oras sa minuto.

	Oras	
Pagtapos ng pagsusulit	11	
Simula ng pagsusulit	– 9	–
	2	← sagot

Ang sagot ay dalawa (2) at kalahating oras. Ito ang haba ng pagsusulit ng mga estudyante ni Gng. Santos.

#### HALIMBAWA 2

Si Ate Nida ay maysakit at kailangang uminom ng gamot. Siya’y uminom ng gamot ngayong gabi sa oras na 6:45 p. m. at uminom uli siya ng gamot sa oras na 10:15 p.m. Ano ang pagitan ng oras ng pag-inom ng gamot ni Ate Nida?



## Solusyon:

Ang dalawang nakatalang oras ng pag-inom ng gamot ni Ate Nida ay parehong nasa p.m., kaya maari nating gamitin ang paraan ng pagbabawas. Ihiwalay uli ang oras sa minuto.

	Oras	Minuto
Pangalawang pag-inom	10	15 →
Unang pag-inom	- 6	- 45 →

Pansinin na mas mataas ang ating ibabawas sa babawasan. Ang kailangan nating gawing ay bawasan ng isang oras ang sampung oras at ito ay isulat sa katumbas nitong 60 minuto at idagdag sa 15 minuto na ating babawasan. Ito ay magiging:

Bawasan ng isang oras	Oras	Minuto
	10 - 1	15 + 60
	- 6	- 45

Sa simpleng ayos, ganito ang makikita natin:

	Oras	Minuto
	9	75
	- 6	- 45
Sagot →	3	30

Ang sagot ay: Ang pagitan na oras para sa pag-inom ng gamot ni Ate Nida ay tatlo at kalahating oras.

Ngayon, susubukan naman nating sagutin ang mga katanungang may nakatalang oras sa p.m. at a.m.

### **HALIMBAWA 3**

Si Mang Anding ay nagsimulang magtrabaho sa kanyang bukid nang ika-7:10 ng umaga at natapos siya nang ika-3:35 ng hapon. Gaano katagal nagtrabaho si Mang Anding sa kanyang bukid?

## Solusyon:

Kailangan natin ng hiwalay na pagkuwenta sa haba ng oras ng pinagtrabaho ni Mang Anding sa umaga. Ganoon din naman sa haba ng pinagtrabaho niya sa hapon.

- A. Ang oras na pinagtrabaho ni Mang Anding sa umaga (7:10 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali)

Oras	Minuto	
12	00	→ (babawasan)
- 7	- 10	→ (ibabawas)

Pansinin na sa hanay ng minuto, ang babawasan ay mas maliit sa ibabawas. Kailangan nating bawasan ng isang oras ang labindalawang oras (12) at isulat natin ito sa katumbas nitong minuto (60 minuto) at idagdag sa hanay ng minuto na babawasan.

Bawasan ng isang oras ←

Oras	Minuto	
12 - 1	00 + 60	→
- 7	- 10	

Sa simpleng paraan, ito'y magiging:

Sagot →

Oras	Minuto
11	60
- 7	- 10
→ 4	50

Si Mang Anding ay nagtrabaho sa kanyang bukid noong umaga sa tagal na apat (4) na oras at limampung (50) minuto.

- B. Ang oras na pinagtrabaho ni Mang Anding sa hapon (12:00 ng tanghali hanggang 3:35 ng hapon)

Ang oras na pinagtrabaho ni Mang Anding sa hapon ay umabot sa tatlong (3) oras at tatlumpu't limang (35) minuto.

C. Kabuuang oras na pinagtrabaho ni Mang Anding sa maghapon:

Pagsamahin ang oras na pinagtrabaho niya sa umaga at sa hapon.

	Hours	Minutes
Umaga	4	50
Hapon	+ 3	+ 35
	7	85

Ang 85 minuto ay katumbas sa isang oras at dalawampu't limang minuto.

	Oras	Minuto
	7	85
Magdagdag ng isang oras ←	+ 1	← - 60
	8	25

Si Mang Anding ay nagtrabaho sa kanyang bukid sa loob ng walo (8) at dalawampu't limang (25) minuto.



## Magbalik-aral Tayo

1. Si Aling Flor ay nagsimulang maghurno ng tinapay nang ika-2:25 ng hapon at natapos siya bandang ika-4:40 ng hapon. Gaano katagal siyang naghurno ng tinapay?

**Solusyon:**

Oras	Minuto

2. Si Mang Pedro ay nagsimulang magtrabaho sa pabrikang pinapasukan niya nang ika-7:30 ng umaga at natapos siyang magtrabaho nang ika-5:40 ng hapon. Gaano katagal na nagtrabaho si Mang Pedro?

**Solusyon:**

Ihiwalay ang pagkuwenta ng oras sa umaga at sa hapon.

- A. Oras na pinagtrabaho ni Mang Pedro sa umaga (7:30 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali)

Oras	Minuto

- B. Oras na pinagtrabaho ni Mang Pedro sa hapon (12:00 ng tanghali hanggang 5:40 ng hapon)


-----

Pagsamahin ang oras na pinagtrabaho ni Mang Pedro sa umaga at sa hapon.

	Oras	Minuto
Umaga		
Hapon		

Kabuuang oras na pinagtrabaho ni Mang Pedro sa isang araw:

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 47–48.



## Alamin Natin

### Ang Dalawampu't Apatang – oras na Orasan

Ang dalawampu't apatang-oras na orasan ay karaniwang ginagamit sa mga siyentipikong gawain. Kilala rin ito bilang oras pang-militar (military time). Higit na madali ang pagkuwenta sa pagitan ng oras kung gagamitin ang sistemang ito gaya ng inyong makikita mamaya.

Ang dalawampu't apatang-oras na orasan ay nagsisimula sa hatinggabi, 12:00 a.m. (0000 oras) hanggang sa ika-11:59 ng gabi (2359 oras). Sa ibaba ay makikita mo ang katumbas ng oras sa labindalawahang-oras na orasan at sa dalawampu't apatang-oras na orasan.

12-oras	Katumbas sa 24-oras	12-oras
12:00 a.m.	0000	12:00 p.m.
1:00 a.m.	0100	1:00 p.m.
2:00 a.m.	0200	2:00 p.m.
3:00 a.m.	0300	3:00 p.m.
4:00 a.m.	0400	4:00 p.m.
5:00 a.m.	0500	5:00 p.m.
6:00 a.m.	0600	6:00 p.m.
7:00 a.m.	0700	7:00 p.m.
8:00 a.m.	0800	8:00 p.m.
9:00 a.m.	0900	9:00 p.m.
10:00 a.m.	1000	10:00 p.m.
11:00 a.m.	1100	11:00 p.m.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Sa ibaba ay ilang halimbawa kung paano magkwenta ng pagitan ng oras sa dalawampu't apatang-oras na orasan.

### HALIMBAWA 1

Si Mang Lito, isang drayber ng dyipni ay nagsimulang magbiyahe sa kanyang ruta sa oras na 0745. Natapos ang kanyang biyahe sa oras na 1550. Gaano katagal nagbiyahe si Mang Lito?

### Solusyon:

Gamitin ang paraang pagbawas sa dalawang nakatalang oras. Ihiwalay ang oras sa minuto.

Oras	Minuto
15	50
– 07	– 45
8	5

Si Mang Lito ay nagbiyahe sa tagal na walong (8) oras at limang (5) minuto.

## HALIMBAWA 2

Si Aling Selya ay nagtatrabaho bilang sekretarya sa isang maliit na opisina. Siya ay may obertaym tuwing Sabado. Nang nakaraang Sabado nagsimula siyang mag-obertaym sa oras na 0930 at natapos sa oras na 1615. Gaano katagal siyang nagtrabaho ng obertaym sa opisina?

### Solusyon:

Gamitin ang paraan ng pagbawas sa dalawang nakatalang oras. Ihiwalay ang oras sa minuto.

Oras	Minuto	
16	15	→ babawasan
- 09	- 30	→ ibabawas

Pansinin na sa hanay ng minuto, mas malaki ang ibabawas kaysa sa babawasan. Kailangang bawasan ng isang oras ang 16 sa hanay ng oras at isulat ito sa katumbas na minuto (60 minuto) at idagdag sa 15 minuto para lumaki ang minuto na babawasan.

Oras	Minuto	
16 - 1	15 + 60	→
- 09	- 30	

Bawasan ng isang oras ←

Isulat ng maayos:

Oras	Minuto	
15	75	→
- 09	- 30	→
6	45	

Si Aling Selya ay nag-obertaym sa tagal na 0645 o anim (6) na oras at apatnapu't limang (45) minuto.



## Magbalik-aral Tayo

1. Si Aling Lydia ang magluluto ng pagkain para sa handaan sa kaarawan ng kanyang tita. Nagsimula siyang magluto sa oras na 1025 at natapos siya sa oras na 1845. Gaano katagal nang nagluluto si Aling Lydia?

Solusyon:

Oras	Minuto

2. Si Mang Berto ay nag-umpisang magtrabaho sa kanyang palayan sa oras na 1415 at natapos siya sa oras na 1710. Ilang oras ang ginugol ni Mang Berto sa pagtatrabaho sa kanyang palayan?

Solusyon:

Oras	Minuto

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48 ng modyul na ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan naman natin ngayon kung paano kukunin ang pagitan ng oras sa pag-inom ng gamot. Basahin ang mga halimbawa sa ibaba.

### HALIMBAWA 1

Si Aling Lucia ay kailangang uminom ng gamot na nireseta sa kanya ng doktor na kailangang inumin niya sa bawat apat at kalahating oras. Kung nagsimula siyang uminom sa oras na alas 6:00 ng umaga, anong oras siya iinom para sa pangalawa at pangatlong inuman niya ng gamot?

## Solusyon:

Alamin natin kung anong oras iinom si Aling Lucia para sa pangalawang inuman niya ng gamot. Siya ay unang uminom ng gamot sa oras na alas 6:00 ng umaga. Mas madaling kunin ang pagitan ng oras kung gagamit tayo ng dalawampu't apat na orasan. Isusulat natin ang oras na 6:00 ng umaga sa katumbas nito sa dalawampu't-apatang-oras na orasan o sa tinatawag ng oras ng pang-militar. Ang 6:00 ay 0600 na oras.

	Oras	Minuto	
	06	00	
Magdagdag ng 4 oras	→ + 4	30 ←	Magdagdag
	10	30	

Si Aling Lucia ay iinom uli ng kanyang gamot sa oras na 1030 ng umaga.

Alamin natin kung kailan ang susunod na pag-inom ng gamot ni Aling Lucia.

	Oras	Minuto	
	10	30	
Magdagdag ng 4 oras	→ + 4	+ 30 ←	Magdagdag
	14	60	

Ang sagot ay 1460 na oras. Walang ganitong oras sa talaan ng dalawampu't apatang-oras na orasan. Ang pinakamataas na oras na nakatala sa dalawampu't apatang-oras na orasan ay 23. Kung lalampas sa bilang na ito, bawasan ng 24 sa hanay ng oras.

Kung sa minuto naman, ang pinakamataas na aabutin ay 59. Kung lalampas sa numerong ito, bawasan ng 60 ang hanay ng minuto at magdagdag ng 1 oras sa hanay ng oras.

Sa sagot natin na 1460, ang minuto ay lumampas sa numerong 59, kaya babawasan natin ng 60 minuto at idadagdag ang 1 oras sa hanay ng oras.

	Oras	Minuto	
	14	60	
Magdagdag ng 1 oras	+ 1	- 60	Magbawas ng minuto
	15	00	



Si Aling Lucia ay pangatlong beses na iinom ng kanyang gamot sa oras ng 1500 o sa oras na alas-3:00 ng hapon.

Unang inuman	0600	6:00 a.m.
Pangalawang inuman	1030	10:30 a.m.
Pangatlong inuman	1500	3:00 p.m.



## Magbalik-aral Tayo

1. Ang anak in Aling Nita ay nagkasakit at siya ay niresetahan ng doktok na uminom ng gamot. Kailangan niyang uminom ng gamot bawat ikatlo at kalahating oras. Kung una siyang uminom ng gamot sa oras na 7:15 ng umaga, anong oras siya iinom para sa pangalawa at pangatlong inuman niya ng gamot?

### Solusyon:

Ang orasan na ginamit dito ay ang labindalawahang-oras na orasan. Para madalian ka sa iyong pagkalkula, isulat mo muna ang oras sa dalawampu't apatang-oras na orasan.

Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot:

	Oras	Minuto	

Iskedyul para sa pangatlong inuman ng gamot:

	Oras	Minuto	

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 49 ng modyul na ito.



## Tandaan Natin

- ◆ Ang dalawampu't apatang-oras na orasan ay mas madaling gamitin sa pagkuwenta ng pagitan ng oras kaysa sa labindalawahang-oras na orasan.
- ◆ Ang pagsusukat ng oras ay nakatutulong sa atin upang malaman natin kung gaano katagal nangyari o mangyayari ang isang bagay.
- ◆ Ang sukatang-yunit ng oras ay nakatutulong sa atin upang malaman natin ang pagitan ng oras ng isang pangyayari.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Binabati kita at naabot mo ang huling bahagi ng unang aralin. Sagutan mo ang sumusunod na katanungan upang malaman mo kung anu-ano ang mga natutuhan mo sa araling ito. Pagbutihan mo!

1. Si Mang Rudy ay nagsimulang matulog sa oras na 2:25 ng hapon at nagising siya sa oras na 5:10 ng hapon. Gaano katagal na natulog si Mang Rudy? (2 puntos)

Solusyon:

Oras	Minuto

2. Si Manang Lita ay nagbiyahe patungong Pangasinan. Sumakay siya ng bus sa Maynila at iyo'y umalis bandang 11:45 ng umaga. Dumating ang bus sa Pangasinan sa oras na 1705. Gaano katagal ang biyahe ni Manang Lita? (2 puntos)

Solusyon:

Oras	Minuto

3. Si Aling Nelly ay kailangang uminom ng gamot bawat ikatlong oras at tatlung minuto. Una siyang uminom ng gamot sa oras na 0920. Anong mga oras siya iinom para sa pangalawa, pangatlo, at pang-apat na inuman niya ng gamot? (6 puntos)

Solusyon:

Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot: (2 puntos)

	Oras	Minuto	

Iskedyul para sa pangatlong inuman ng gamot: (2 puntos)

	Oras	Minuto	

Iskedyul para sa pang-apat na inuman ng gamot:

Mahirap ba ang mga tanong? Siguro, nasagutan mong lahat nang tama ang mga ito. Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 49–50 ng modyul na ito.

Kung ang iskor mo ay:

- 0–2 Kailangang pag-aralan mo uli ang aralin.
- 3–6 Balik-aralan mo na lang ang bahagi ng modyul na hindi mo naintindihang mabuti.
- 7–8 Magaling! Naintindihan mo ang aralin. Ipagpatuloy mo ang pagbabasa ng modyul.

# Tamang Iskedyul

Madalas ka bang nahuhuli sa pagdalo sa mga miting? Nahihirapan ka bang ayusin ang iskedyul ng iyong mga gawain? Sa palagay mo ba’y kinukulang ka ng oras para magawa mo ang mga kailangang mong gawain? O ikaw ang tipong maraming gustong gawin sa isang araw pero pagdating nang hapon ay parang wala ring natapos?

Ang araling ito ay tiyak na makatutulong sa iyo para ayusin ang mga iskedyul mo. Sa araling ito matututuhan mo ang pagsaayos ng iyong mga gawain ayon sa iyong iskedyul. Pagkatapos mong basahin ang aralin na ito, inaasahang:

- ◆ matatantiya mo ang kailangang oras para matapos mo ang isang gawain; at
- ◆ maisasaayos mo ang iyong mga gawain sa pamamagitan ng pag-iskedyul.



## Basahin Natin Ito


Si Aling Lolit ay isang inang matatawag nating “working mother.” Nagtatrabaho siya bilang sekretarya sa isang maliit na opisina. Ang kanyang asawa ay drayber ng dyipni. May dalawa silang anak, si Jun at si Tintin. Si Jun ay nasa unang baytang ng hayskul at si Tintin naman ay nasa Grade 4.

Di pangkaraniwang babae si Aling Lolit. Bukod sa mga gawain niya sa bahay at trabaho niya sa opisina, siya ay naglilingkod bilang bise presidente ng organisasyon nila sa kanilang komunidad. Siya ay aktibong miyembro rin ng kanilang simbahan.


Nitong mga nakaraan, lubhang naging abala siya sa kanyang mga gawain at nahirapan siyang magampanan ang iba sa mga ito. Isang araw, pagdating niya sa opisina....



Pagkatapos magtrabaho, umuwi ng bahay si Aling Lolit para maghanda ng hapunan ng kaniyang pamilya at mamalantsa ng ilang damit. Nagmamadali siya dahil may miting pa siyang dadaluhan tungkol sa proyekto ng kanilang organisasyon sa komunidad na magpatayo ng poso.



Huli na rin nang dumating si Aling Lolit sa miting. Ang iba niyang kasamahan ay matagal nang naghihintay sa kanya para magsimula ang miting.



Hatinggabi na nang makauwi si Aling Lolit. Tulog na ang kanyang asawa at mga anak. Pinagmasdan niya ang mga ito habang natutulog. Naramdaman niya ang pagkalungkot. Minimithi niyang sana ay mas maraming panahon ang naigugol niya sa kanyang pamilya.

Matagal nang hindi sila nakakapag-usap nang masinsinan ng kanyang asawa o ng kanyang mga anak. Palagi siyang abala. Abala siya sa kanyang trabaho, sa kanyang mga tungkulin sa organisasyon at sa mga gawain sa simbahan.

Pakiramdam niya'y wala siyang magawa.... sa pagpatak ng kanyang luha, inumpisan niyang labhan ang nakatambak na labahing naipon nang isang linggo.



## Magbalik-aral Tayo

1. Ano ang maipapayo mo kay Aling Lolit para malutas ang kanyang suliranin?

---




---



---

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50 ng modyul na ito.



## Alamin Natin

Karamihan sa ating mga Filipino ay hindi masyadong batid ang kahalagahan ng oras. Karaniwan, nahuhuli tayo sa mga dadaluhan nating miting, usapan, at iba pang mga nakaiskedyul na gawain. Sa katunayan, ang kasabihang “Filipino time” ay isang hindi magandang ugali ng mga Filipino.

Sa araling ito, imumulat sa iyo kung paano maiiwasan ang ganitong ugali. Ipaliliwanag rin dito ang kahalagahan ng oras at pagiging nasa tamang oras. Pero tandaan, ikaw lang ang makakapagpasya kung nais mong baguhin ang iyong ang masamang gawi o hindi.

Kailangan nating alamin kung paano isasaayos ang ating oras. Makatutulong ang sumusunod na panukala upang maisaayos ang iyong iskedyul ayon sa nararapat na oras mo. Makatutulong ito sa iyo para ikaw ay maging produktibong tao.

- ◆ Pagpapahalaga

Kailangang piliin mo kung ano ang pinakamahalagang gawain na kailangang gawin mo. Halimbawa, ano ang mas mahalaga sa iyo - pumasok sa trabaho o alagaan ang maysakit mong anak?

Parehong mahalaga ang trabaho mo at ang iyong anak. Subalit, ano ang mas mahalaga, ang iyong trabaho o ang iyong anak? Kung mas mahalaga ang iyong anak kaysa sa iyong trabaho, na dapat lang, pipiliin mong alagaan ang maysakit mong anak kaysa sa pumasok ka sa iyong trabaho.

- ◆ Pagsasaayos ng iskedyul ng iyong mga gawain

Mas nakabubuti kung uugaliin mong magplano ng mga gawain para sa isang araw. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng paggawa ng iskedyul ng mga gawain para sa araw na iyon.

Sa ibaba ay isang halimbawa ng iskedyul ng mga gawain. Ito ay ginawa ni Aling Rosa, isang maybahay.

6	Magluto ng almusal Tumulong sa mga batang maghanda sa kanilang pagpa eskwelahan
7	Maglaba ng damit
8	Mamalantsa ng mga damit
9	Magpakain ng mga alagang hayop Maglinis ng bahay
10	Maglinis ng bakuran at mag-alaga ng mga tanim
11	↓
12	Mananghalian kasama ni Aling Inday
1	Magpahinga
2	Magbayad sa kuryente
3	Dalawin ang Inay na may sakit
4	
5	Tumulong sa mga bata sa kanilang pag-aaral
	Maqluto ng hapunan

- ◆ Iwasan ang pag-antala ng trabaho, sa halip umpisahan na ang gawain

Nasanay ang mga Pilipino na gawin ang isang bagay sa huling sandali. Madalas nilang ipinagpapabukas ang mga gawain at nakasanayang madaliin ang isang bagay kapag malapit na itong isumite. At dahil dito, hindi nila nagagawa nang maayos at mahusay ang kanilang trabaho. At kadalasang nangyayari, hindi nila ito natatapos sa takdang panahon, o kung mahabol man nila ito sa deadline, ang kalidad ng kanilang trabaho ay hindi maganda dahil ginawa ito nang madalian.



Kailangan natin ang disiplina sa ating sarili at sa ating mga gawain. Kailangang iplano nang maayos ang mga gawain upang maiwasan ang paghahabol sa oras. Sa ganitong paraan, ang ating trabaho o mga gawain ay natatapos nang may kalidad sa takdang panahon.

◆ **Iwasan ang pagsasayang ng oras**

Kung gustong maging isang produktibo, kailangang iwasan mo ang pagsasayang ng oras. Paano ang pagsasayang ng oras? Sa ibaba ay nakalista ang ilan sa mga gawaing masasabi nating hindi produktibo at hindi nakatutulong sa ating pag-unlad.

<b>Mga pagsasayang ng oras:</b>	
Panonood ng walang kuwentang palabas sa telebisyon	Pagkikipagtsismisa kapitbahay
Pakikipag-inuman hanggang sa madaling araw	Sobrang paglaro ng "games"
Telebabad o pakikipag-usap sa telepono nang sobrang haba	Pagbabasa ng mga mabababaw na novel maituturong mga nangangangangang ang mga librong binabasa
Pag-istambay o walang ginagawa sa maghapon	Pagsusugal, kasanibang baraha, madyong,

Tandaan mo na ang mga gawaing nakapagpaparelaks ay hindi itinuturing na pagsasayang ng oras. Ang mga larong pang-isports ay nakabubuti sa katawan ng tao. Sa katunayan, ang mga gawaing pang-isports ay dapat kasama sa regular na iskedyul mo sa araw-araw. Ang pagbabasa ng mabubuting libro ay isa ring magandang gawain bilang pampalipas-oras gayundin ang pag-ukol ng panahon sa mga kapamilya.



## **Subukan Natin Ito**

Karamihan sa atin ay nahuhuli sa ating mga kompromiso, miting, at deadline dahil sa maling pagtantiya sa oras. Halimbawa, sa palagay mo ay makararating ka sa opisina mo nang alas 8:00 ng umaga kung aalis ka sa inyong bahay sa oras na 7:15 ng umaga. Sa halip, nakarating ka sa opisina mo nang ika-8:15 na nang umaga at ikaw ay nahuli na sa iyong trabaho.

Sa gawaing ito, susukatin mo kung ilang oras ang kailangan para gawin ang isang gawain. Kailangan mo ng relos para malaman mo kung ilang oras mo magagawa ang sumusunod na gawain. Isulat kung ilang minuto mo natapos gawin ang mga ito:

Gawain	
Pagligo	
Pagbibihis (kasama na ang paglalagay ng "make-up," pagsuklay, pagpili ng damit, pagsuot ng sapatos, at iba pa)	
Pagkain ng almusal	
Paggawa ng mga gawaing bahay (pagluluto, paghugas ng pinggan, at iba pa)	
Pagbiyahe papuntang opisina, eskuwelahan, o bahay ng kaibigan	

Pansinin ang iyong mga sagot. Pag-isipan mo kung gaano katagal ang kailangan mong oras para maghanda sa iyong kompromiso (appointment) o miting na iyong dadaluhan. Magagamit mo rin ang iyong mga sagot para malaman kung ilang oras ang kailangan mo para maghanda sa pagpasok sa trabaho o eskuwelahan.



## Magbalik-aral Tayo

1. Bakit mahalaga ang pagtantiya ng kailangan mong oras para sa isang gawain?

-----  
 -----  
 -----

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51 ng modyul na ito.



## Tandaan Natin

Para mapakinabangan mo nang tama ang iyong oras, kailangang gawin mo ang sumusunod:

- ◆ Alamin ang mga mahalagang bagay na kailangang unahing gawin
- ◆ Isaayos ang iskedyul ng iyong mga gawain
- ◆ Iwasan ang pag-aksaya ng oras at simulan kaagad ang mga gawain
- ◆ Iwasan ang pagsasayang ng oras
- ◆ Tantiyahin ang kailangang oras para sa iyong mga gawain



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutunan

Binabati kita at natapos mo ang araling ito. Ang kailangan mo na lang na gawin ay sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Ito ay para malaman mo kung anu-ano ang mga natutuhan mo sa araling ito. Pagbutihan mo!

1. Ipaliwanag ang sumusunod na tip kung paano isasaayos ang paggamit mo ng oras:

a. Pagpapahalaga (2 puntos)

---

---

---

b. Isaayos ang iskedyul ng mga gawain (2 puntos)

---

---

---

c. Iwasan ang pagsayang sa oras at umpisahan kaagad ang mga gawain (2 puntos)

---

---

---

d. Iwasan ang pag-aksaya sa oras (2 puntos)

---

---

---

e. Tantiyahin ang kailanganing oras sa paggawa ng iyong mga gawain (2 puntos)

---

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51 ng modyul na ito.

Kung ang iskor mo ay:

0–5 Kailangang basahin mo uli ang aralin.

6–8 Balik-aralan mo na lang ang bahagi ng modyul na hindi mo maintindihang mabuti.

9–10 Magaling! Marami kang natutuhan sa araling ito. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng modyul.

## Pagbabasa ng mga Talaan ng Oras

Naguguluhan ka ba sa mga nakikita mong numero na nakasulat sa mga iskedyul ng biyahe sa eroplano, sa bus, o sa mga barko? Nahihirapan ka bang umintindi sa mga talaan ng oras, talaan ng pagsikat o paglitaw at paglubog ng araw o ng buwan? Kailangang basahin mo ang araling ito.

Pagkatapos mong basahin ang araling ito, inaasahang:


- ◆ mababasa at maiintindihan mo ang mga talaan ng iskedyul ng mga biyahe; at
- ◆ mababasa at maiintindihan mo ang mga talaan ng paglubog o paglitaw at pagsikat ng araw o ng buwan.



### Basahin Natin Ito

Si Mang Tomas ay nagretiro na sa kanyang trabaho at nagbabalak siyang magbakasyon sa Davao. Ito ang ang kauna-unahan niyang pagkakataon na makapagbiyahe doon. Iniisip niya kung magbibiyahe siya sakay ng eroplano o ng “ferry.” Binabalak niyang umalis sa isang linggo.

Naisipan niyang tingnan ang iskedyul ng biyahe ng mga eroplano at “ferry” papuntang Davao. Nang siya ay nagpunta para bumili ng tiket sa eroplano, sarado pa ang opisina subalit nakapaskil ang mga iskedyul ng mga biyahe sa bulletin board.




Tiningnan niya ang iskedyul at ito ang kanyang nakita para sa biyaheng Maynila papuntang Davao:

Manila – Davao			
Biyaheng-Bilang:	Dalas ng Biyahe	Oras ng Pag-alis	Oras ng Pagdat
5J-961	araw-araw	0500	0640
5J-963	araw-araw	1000	1140
5J-967	araw-araw	1500	1640

Hindi maintindihan ni Mang Tomas ang mga nakasulat sa iskedyul at sa kanyang pagkainis, nagpasya siyang pumunta sa opisina ng nagbebenta ng tiket para sa barko.

Talagang sadyang hindi maganda ang araw para kay Mang Tomas, sapagkat, pagdating niya sa opisina, ito ay nakasara pa rin. Subalit may talaan ng biyahe na nakapaskil sa labas ng opisina. Dito nakikita ang mga iskedyul ng biyahe ng barko.




Ito ang nakita ni Mang Tomas:


Galing sa : MANILA							
Destinasyon	Dalas ng Biyahe	Iskedyul ng Alis			Iskedyul ng Dating		
		Araw	Oras	PIER	Araw	Oras	PIER
Coron	LIPA	Byr.	1900	P4	Sab.	0600	Coron
Cotobato	SF1/8	Byr.	1000	P4	Ling.	0600	Polloc
Davao	SF6/10	Lun.	1400	P14	Myr.	1600	Sasa
	SF1/8	Myr.	1000	P14	Byr.	1700	Sasa
	SF6/10	Sab.	0900	P14	Lun.	1900	Sasa
Dipolog	SCHRT	Byr.	2359	P14	Ling.	1500	Dip

Muling nahirapan si Mang Tomas na basahin ang talaan ng iskedyul. Ang mga nakasulat at mga numero ay lalong nagpapagulo sa kanya. Umuwi siya sa bahay nilang nag-aalinlangan kung makakaalis pa siya patungong Davao sa isang linggo para magbakasyon.

Natuto na si Mang Tomas. Kinabukasan, kinausap niya ang kumpare niyang si Eddie at nagpasama siya rito. Nagpaturo rin siya kung paano basahin ang mga talaan ng oras o iskedyul.



Nakapagpareserba rin ng tiket sa eroplano si Mang Tomas para sa biyaheng Davao sa susunod na linggo. Naiplano niya nang maayos ang kanyang pagbabakasyon dahil marunong na siyang magbasa ng mga talaan ng oras at iskedyul ng biyahe.



Ang naging problema na lang niya ay kung paano aalisin ang kanyang takot sa pagsakay sa eroplano.



## Magbalik-aral Tayo

1. Tingnan ang talaan ng oras sa kuwento ni Mang Tomas sa pahina 29. Naiintindihan mo ba kung ano ang ipanapakita nito?

---



---



---

2. Bakit importanteng alam natin ang magbasa ng talaan ng oras?

---




---



---

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51 ng modyul na ito.



## Alamin Natin

Tingnan nating muli ang talaan ng oras sa kuwento. Madaling maintindihan ang talaan ng oras kung alam natin ang mga nilalaman nito.

**Talaan 1:** *Iskedyul ng biyahe sa eroplano*

Manila – Davao			
Biyahe Bilang	Dalas ng Biyahe	Pag-alis	Pagdat
5J-961	araw-araw	0500	0640
5J-963	araw-araw	1000	1140
5J-967	araw-araw	1500	1640

**Talaan 2:** *Iskedyul ng biyahe sa barko*

Galing Maynila:							
Destinasyon	Sasakyan	Pag-alis			Pagdating		
		DAY	TIME	PIER	DAY	TIME	PIER
Coron	LIPA	Byr.	1900	P4	Sab.	0600	Cor
Cotobato	SF1/8	Byr.	1000	P4	Ling.	0600	Poll
Davao	SF6/10	Lun.	1400	P14	Myr.	1600	Sas
	SF1/8	Myr.	1000	P14	Byr.	1700	Sas
	SF6/10	Sab.	0900	P14	Lun.	1900	Sas
Dipolog	SCHRT	Byr.	2359	P14	Ling.	1500	Dip

### Mga nilalaman ng iskedyul ng biyahe:

1. **Lugar na panggagalingan** – Ito ang lugar na panggagalingan ng biyahe. Ito ay maaaring lugar ng terminal ng bus, pier, at paliparan.

2. **Destinasyon** – ito naman ang lugar na patutunguhan ng biyahe. Ito rin ay maaaring lugar ng terminal ng bus, pier, o paliparan.
3. **Oras ng Pag-alis** – ito ang magsasabi ng oras kung kailan aalis ang isang biyahe. Karaniwan sa talaan ng oras ay gumagamit ng dalawampu't apatang-oras na orasan, at ito'y napag-aralan mo na. Kung kinakailangan, balikan mo ang katumbas ng oras sa dalawampu't apatang-oras na orasan sa labindalawahang-oras na orasan sa unang aralin.
4. **Oras ng Pagdating** – dito nakatala ang oras ng pagdating ng biyahe. Ito rin ang oras kung kailan ka makararating sa iyong destinasyon.
5. **Dalas ng Biyahe** – ipinapakita dito kung ilang beses ang biyahe para sa isang ruta o sa isang sasakyan, gaya ng bus, eroplano, o barko. Ang dalas ng biyahe ay maaaring ipahiwatig sa araw o sa oras.
6. **Bilang ng Biyahe at Pangalan o Klase ng Sasakyan** – ang bilang ng biyahe ay karaniwang ginagamit bilang palatandaan o kodigo sa isang partikular na biyahe at ruta. Inilalagay rin dito ang uri at pangalan ng sasakyan.
7. **Pamasahe** – makikita dito kung magkano ang babayaran ng isang tao para sa isang biyahe. Ito ay ibinabatay sa haba ng biyahe at sa uri ng kaluwagan o kaginhawaan ng isang pasahero habang nasa biyahe.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Tingnan ang talaan ng oras sa ibaba.

Mula Maynila Patungong	Bilang ng Biyahe/Sasakyan	Dalas ng Biyahe
Cebu	PR843 (A330)	Araw-araw
Cebu	PR847 (B742)	Araw-araw
Cebu	PR853 (A330)	Araw-araw
Cebu	PR867 (A330)	Hwb./Ling.
Cebu	PR857 (B742)	Araw-araw



Batay sa talaan ng oras sa pahina 32, sagutin natin ang sumusunod na katanungan. Ang unang tanong ay sinagutan na para maging halimbawa.

1. Ano ang bilang ng biyahe at uri ng sasakyan na manggagaling sa Maynila patungong Cebu na naka-iskedyul umalis sa Huwebes ng ala-una ng hapon at darating sa Cebu ng 2:15 ng hapon?

Sagot: Biyahe Bilang: PR867; Sasakyan: A330

2. Gaano kadalas ang biyahe na may bilang PR857? Kailan ito umaalis at dumadating?

- 
3. Kung ikaw ay nasa Maynila at kailangan mong makarating sa Cebu ng 7:30 ng umaga ng Miyerkules, ano ang huling biyahe na puwede mong kunin para makarating ka sa Cebu bago mag 7:30 ng umaga?

Ihambing ang iyong mga sagot para sa bilang 2 at 3 sa mga kasagutan sa ibaba:

2. Sagot:

Dalas ng biyahe: Araw-Araw

Oras ng pag-alis sa Maynila: 1200H (12:00 p.m.)

Oras ng pagdating sa Cebu: 1315H (1:15 p.m.)

3. Sagot:

Kunin mo ang biyahe bilang PR843. Ito'y araw-araw na may biyahe patungong Cebu at dumarating doon sa oras na 6:15 ng umaga. Kung sasakay ka ng Miyerkules ng umaga sa oras na 5:00 ng umaga, darating ka sa Cebu sa oras na 6:15 ng umaga.

Tingnan natin ang isa pang talaan ng oras sa ibaba.

Galing Maynila:							
Desti- nasyon	Sasakyan	Pag-alis			Pagdating		
		Araw	Oras	PIER	Araw	Oras	PI
Iligan	Medju	Lun.	1400	P14	Myr.	0700	Iliç
	SF5/9	Hw b.	1800	P4	Sab.	0700	Iliç
Iloilo	SF1/8	Myr.	1000	P14	Hw b.	0500	Lc
	SF1/8	Byr.	1000	P4	Sab.	0500	Lc
	SF6/10	Sab.	0900	P14	Ling.	0500	Lc
Masbate	Schrt	Mar.	2300	P14	Myr.	1730	Mk

Subukan nating sagutin ang mga susunod na katanungan. Ang dalawang unang tanong ay sinagutan na para sa iyo.

1. Anong sasakyan ang aalis ng Maynila at darating sa Iloilo sa Linggo ng 5:00 ng umaga?

Sagot: Sasakyan: SF6/10

2. Magkano ang ibabayad ng isang pasahero kung siya ay galing Maynila patungong Masbate at sasakay sa stateroom (Stateroom)?

Sagot: Ang pamasaha sa stateroom kung ikaw ay galing sa Maynila patungong Masbate ay ₱ 2,460.

3. Ano ang huling biyaheng masasakyan mo galing Maynila patungong Iligan kung kailangang nasa Iligan ka na ng Huwebes?

-----

4. Kailan darating ang sasakyang Sacred Heart (Schrt) sa pier ng Masbate?

-----

Ihambing ang iyong sagot para sa tanong bilang 3 at 4 sa mga sagot sa ibaba:

3. *Sagot:* Kailangang sumakay ka sa Medju na darating sa Iligan ng Miyerkules.
4. *Sagot:* Ang Sacred Heart (Schrt) ay darating sa Masbate sa Miyerkules ika-5:30 ng hapon.





## Magbalik-Aral Tayo

1. Sagutin ang mga susunod na tanong ayon sa talaan ng oras sa ibaba.

Galing Maynila						
Desti-nasyon	Sasakyan	Pag-alis			Pagdati	
		Araw	Oras	PIER	Ara w	Oras
Bacolod	SF5/9	Hwb.	1800	P4	Byr.	1500
Cagayan de Oro	SF5/9	Myr.	2359	P4	Byr.	1159
	SF6/10	Byr.	0900	P14	Sab.	1700
	SF5/9	Ling.	2359	P4	Mar.	1159
Cebu	SF1/8	Lun.	2000	P4	Mar.	1800
	SF12	Mar.	1500	P4	Myr.	1159
	SF12	Hwb.	1900	P4	Byr.	1600
	SF6/10	Byr.	0900	P14	Sab.	0700
	SF12	Ling.	0900	P4	Lun.	0600

- a. Kung kailangan ni Mang Anding na dumalo sa miting sa Cagayan de Oro City sa Sabado ng gabi, ano ang huling biyahe na puwede niyang sakyan?  
-----
- b. Kailan aalis si Mang Anding galing Maynila?  
-----
- c. Kung ang kukunin niyang tiket ay para sa suite, magkano ang kanyang babayaran?  
-----
- d. Kailan darating ang sasakyang SF6/10 sa Cebu galing sa Maynila?  
-----
- e. Kailan umalis ang sasakyang SF12 sa Maynila kung darating ito sa Cebu nang alas-4:00 ng hapon?  
-----

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* na nasa pahina 52 ng modyul na ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Paano natin magagamit ang impormasyon na nakalagay sa talaan sa itaas? Tingnan natin kung kailan sisikat at lulubog ang araw sa Marso 3.

	Enero		Pebrero		
Araw	Pagsikat	Paglubog	Pagsikat	Paglubog	P
01	0625	1741	0629	1758	
02	0626	1741	0629	1759	
03	0626	1742	0629	1759	
04	0627	1743	0628	1759	
05	0627	1743	0628	1800	
06	0627	1744	0628	1800	
07	0628	1744	0628	1801	
08	0628	1745	0627	1801	
09	0628	1746	0627	1802	
10	0628	1746	0627	1802	

Paano mo kukuhanin ang impormasyon mula sa talaan? Ating tingnan ang oras ng pagsikat at paglubog ng araw sa Marso 3.

	Enero		Pebrero		
Araw	Pagsikat	Paglubog	Pagsikat	Paglubog	P
01	0625	1741	0629	1758	
02	0626	1741	0629	1759	
03	0626	1742	0629	1759	▶
04	0627	1743	0628	1759	

Batay sa itinuturo ng dalawang arrow, sisikat ang araw sa oras na 0616 (6:16 ng umaga) at lulubog sa oras na 1808 (6:08 ng hapon) sa petsang Marso 3.

Kailan naman sisikat at lulubog ang araw sa petsang ika-6 ng Pebrero?

	Enero		Pebrero		
Araw	Pagsikat	Paglubog	Pagsikat	Paglubog	P
01	0625	1741	0629	1758	
02	0626	1741	0629	1759	
03	0626	1742	0629	1759	
04	0627	1743	0628	1759	
05	0627	1743	0628	1800	
06	0627	1744	▶ 0628	1800	

Sa itinuturo ng arrow, sa ika-6 ng Pebrero, sisikat ang araw sa oras na 0628 (6:28 ng umaga) at lulubog sa oras na 1800 (6:00 ng hapon).



## Magbalik-aral Tayo

Sa ibaba ay ang talaan ng paglitaw at paglubog ng buwan.

Araw	Abril		Mayo		Paglitaw
	Paglitaw	Paglubog	Paglitaw	Paglubog	
01	0325	1514	0326	1540	0414
02	0408	1607	0408	1634	0506
03	0451	1659	0452	1730	0603
04	0533	1753	0538	1829	0703
05	0616	1848	0628	1931	0807
06	0701	1945	0721	2034	0910

Tukuyin kung kailan lilitaw at lulubog ang buwan sa mga petsang tinutukoy sa ibaba:

1. Mayo 3 paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
2. July 4 paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
3. June 1 paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
4. April 6 paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
5. July 2 paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina 52 ng modyul na ito.



## Tandaan Natin

- ◆ Sa pamamagitan ng pag-alam natin sa pagbasa ng talaan ng oras, madali nating malalaman ang detalye ng iskedyul ng mga biyahe
- ◆ Naaayos ng mga mangingisda ang iskedyul ng kanilang paglayag sa dagat sa pamamagitan ng pag-alam sa talaan ng pagsikat o paglitaw at paglubog na araw at buwan.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Binabati kita at natapos mo ang huling bahagi ng araling ito. Ngayon, sagutan mo ang sumusunod na tanong upang malaman mo kung anu-ano ang mga natutunan mo sa araling ito. Pagbutihan mo!

1. Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa talaan sa ibaba:

Manila – Cebu			
Biyahe-Bilang	Dalas ng Biyahe	Pag-alis	Pagdating
5J-559	araw-araw	0500	0610
5J-561	araw-araw	0700	0810
5J-563	araw-araw	0900	1010
5J-565	araw-araw	1100	1210
5J-567	araw-araw	1300	1410

- a. Ano ang oras ng pag-alis ng biyaheng 5J-565 galing Maynila? (isang puntos)

-----

- b. Ano ang bilang ng biyaheng galing ng Maynila na darating sa Cebu sa oras na alas-2:10 ng hapon? (isang puntos)

-----

- c. Ano ang bilang ng biyaheng aalis ng Maynila sa oras na alas-7:00 ng umaga? (isang puntos)

-----

- d. Anong oras darating sa Cebu ang biyahe bilang 5J-559? (isang puntos)

-----

2. Sagutin ang mga tanong batay sa talaan sa ibaba:

**Talaan:** *Iskedyul ng Biyaheng-Pandagat*

Galing Maynila						
Desti- nasyon	Sasakyan	Pag-alis			Pagdating	
		Araw	Oras	PIER	Araw	Oras
Puerto Princesa	LIPA	Byr.	1900	P4	Sab.	1800
Roxas	LIPA	Lun.	1800	P4	Mar.	1230
	LIPA	Myr.	1400	P4	Hwb.	0800
	Medju.	Sab.	1159	P4	Ling.	0830
Surigao	SF1/8	Lun.	2000	P4	Myr.	0400

a. Kailan aalis ang barkong patungong Surigao galing sa Maynila? (isang puntos)

-----

b. Kung si Aling Nena ay sasakay sa barkong Medju. patungong Roxas, magkano ang ibabayad niya kung ang kukunin niyang tiket ay para sa cabin? (isang puntos)

-----

c. Kailan darating sa Puerto Princesa ang sasakyang LIPA? (isang puntos)

-----

d. Ano ang pangalan ng sasakyang galing sa Maynila patungong Surigao? (isang puntos)

-----

3. Batay sa talaan sa ibaba, sagutin kung kailan sisikat at lulubog ang buwan sa mga susunod na petsa. (4 puntos)



Talaan ng paglitaw at paglubog ng buwan:

	Enero		Pebrero		
Araw	Paglitaw	Paglubog	Paglitaw	Paglubog	Paglitaw
01	0145	1346	0254	1432	0226
02	0233	1426	0344	1519	0314
03	0321	1507	0433	1608	0401
04	0410	1550	0521	1658	0447
05	0459	1636	0607	1749	0532
06	0549	1724	0652	1841	0615
07	0637	1813	0736	1932	0657

- ika-3 ng Pebrero paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
- ika-6 ng Abril paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
- ika-5 ng Enero paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_
- ika-2 ng Marso paglitaw ng buwan: \_\_\_\_\_ paglubog ng buwan: \_\_\_\_\_

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pp. 52–53 ng modyul na ito. Kung ang iskor mo ay:

- 0–6 Pag-aralang muli ang buong aralin.
- 7–9 Balik-aralan mo ang bahagi ng aralin na hindi mo naintindihang mabuti.
- 10–12 Magaling! Marami kang natutunan sa araling ito.



## Ibuod Natin

- ◆ nakatutulong sa atin ang pagsusukat ng oras upang malaman kung kailan nangyari ang isang bagay o kailan ito mangyayari sa hinaharap;
- ◆ mas madaling gamitin ang dalawampu't apatang-oras na orasan sa pagkukuwenta ng pagitan ng oras;
- ◆ sa pamamagitan ng pagbasa ng mga talaan ng oras ng mga biyahe, madali nating malalaman ang mga detalye ng biyahe; at

- ◆ sa pamamagitan ng pagbasa ng talaan ng pagsikat at paglubog ng araw; at paglitaw at paglubog ng buwan, naisasaayos ng mga mangingisda ang kanilang iskedyul ng paglayag sa dagat.
- ◆ nakatutulong ang ating kaalaman sa oras sa pagsasaayos ng ating mga gawain ayon sa kung alin ang pinakamahalaga sa ating mga gawain at kung gaano katagal natin itong magagawa.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Binabati kita at natapos mo na ang modyul! Sagutan mo na lang ang sumusunod na katanungan. Dito mo malalaman kung anu-ano na ang mga natutuhan mo sa modyul na ito. Pagbutihan mo!

1. Si Mang Vic ay nag-umpisang magpintura sa bubong ng kanilang bahay sa oras na 1:37 ng hapon at natapos siya sa oras na 6:12 ng hapon. Gaano katagal na nagpintura si Mang Vic? (2 puntos)

**Solusyon:**

Oras	Minuto

2. Si Mang Joey ay sumakay sa bus galing Maynila patungong Zambales. Umalis ang bus sa oras na 0945 at dumating sa Zambales sa oras na 1505. Gaano katagal na nagbiyahe si Mang Joey? (2 puntos)

**Solusyon:**

Oras	Minuto

3. Si Aling Precy ay kailangang uminom ng gamot bawat ikatlo at kalahating oras. Una siyang uminom ng gamot sa oras na 0845. Anong oras siya iinom para sa pangalawa at pangatlong iskedyul niya ng pag-inom ng gamot? (4 puntos)

**Solusyon:**

Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot: (2 puntos)

	Oras	Minuto	

Iskedyul para sa pangatlong inuman ng gamot: (2 puntos)

	Oras	Minuto	

4. Anu-ano ang mga hindi magandang ugali ng mga Pilipino na kailangang baguhin para sa maayos na pamamahala ng ating panahon o oras? Magbigay ng mga paraan kung paano mababago ang mga ugaling ito. (3 puntos)

- a. \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

5. Tingnan ang talaan ng oras sa ibaba.

**Iskedyul ng Biyaheng Pandagat:**

Galing Maynila								
Desti- nasyon	Sasakyan	Pag-alis			Pagdat			
		Araw	Oras	PIER	Araw	Oras		
Nasipit	SF1/8	Lun.	2000	P4	Myr.	1000	=	=
Ozamis	Medju	Lun.	1400	P14	Myr.	1159	=	=
	SF5/9	Hwb.	1800	P4	Sab.	1159	=	=
Palompon	Schrt	Mar.	2300	P14	Hwb.	0330	=	=

Batay sa talaan sa itaas, sagutin ang sumusunod na tanong:

a. Anong sasakyan ang aalis sa Maynila at darating sa Ozamis ng Sabado? (isang puntos)

-----

b. Magkano ang ibabayad ng isang pasahero kung manggagaling siyang Maynila patungong Nasipit at ang kukunin niyang tiket ay para sa suite? (isang puntos)

-----

c. Sa anong pier ka pupunta kung ikaw ay bibiyahe patungong Ozamis ng Lunes? (isang puntos)

-----

d. Kailan darating ang sasakyang Sacred Heart (Schrt) sa Palompon? (isang puntos)

-----

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 53–54 ng modyul na ito.

Kung ang iyong iskor ay:

0–7 Kailangang pag-aralan mong muli ang modyul na ito.

8–12 Balik-aralan mo na lang ang bahaging hindi mo naintindihan.

13–15 Magaling! Naintindihan mong mabuti ang modyul na ito. Puwede ka nang magbasa ng ibang modyul.



## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? (pp. 2-4)

- Si Aling Gina ay naglaba sa oras na dalawa (2) at apatnapu't limang (45) minuto.

#### Solusyon:

Oras natapos – 5:10

Oras nag-umpisa – 2:25

Bawasan ng isang oras

Oras	Minuto
5 - 1	10 + 60
2	25

Oras	Minuto
4	70
- 2	- 25
2	45

- Si Mang Ramon ay nagtrabaho sa kanyang bukid sa habang tatlo (3) at kalahating oras.

#### Solusyon:

Oras ng pagtapos sa trabaho – 14:20

Oras ng pag-umpisa sa trabaho – 10:50

Bawasan ng isang oras

Oras	Minuto
14 - 1	20 + 60
10	50

Oras	Minuto
13	80
- 10	- 50
3	30

3. Si Nelson ay dapat uminom ng gamot sa oras na 1150 at 1420.

**Solusyon:**

Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot:

	Oras	Minuto	
	9	20	
Dagdagan ng dalawang oras	+ 2	+ 30	Dagdagan
	11	50	

Iskedyul para sa pangatlong inuman ng gamot:

	Oras	Minuto	
	11	50	
Dagdagan ng dalawang oras	+ 2	+ 30	Dagdagan
	13	80	

Dahil sa walang 80 minuto sa dalawampu't apatang oras na orasan, kailangang bawasan mo ng 60 minuto ang 80 minuto at magdagdag ng isang oras sa hanay ng oras.

	Oras	Minuto	
	13	80	
Dagdagan ng isang oras	+ 1	- 60	Dagdagan
	14	20	

4. Ang taong babagal-bagal sa trabaho ay karaniwang hindi nakatatapos ng kanyang gawain. Kung matapos man niya ang gawain, ito ay karaniwang hindi maganda at mahina ang kalidad. Ang kabagalan ng isang trabaho ay nakakaabala sa ibang tao, ganoon din kung hindi maganda ang resulta ng trabaho. Kinakailangang isaayos ng isang tao ang kanyang iskedyul ng mga gawain batay sa kanyang pagpapalano upang ang mga ito'y kanyang maisagawa nang maayos.
5. a. Ang bilang ng biyahe ay PR126 at ang sasakyan ay B737.  
 b. Ang oras ng pagdating ay 0620.  
 c. Ang patutunguhan: Zamboanga  
 d. Oras ng pag-alis: 1740 o 5:40 ng hapon

## B. Aralin 1

*Magbalik-aral Tayo (pahina7)*

Halimbawang sagot:

Mahalaga ang pagsusukat ng oras dahil ginagawa itong batayan sa paggawa ng iskedyul ng mga gawain ng isang tao. Sa pamamagitan ng pagsukat ng oras, nalalaman kung kailan nangyari ang isang bagay o kailan ito mangyayari sa hinaharap.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 11–12)*

1. Sagot: dalawang (2) oras at labinlimang (15) minuto.

Oras	Minuto
4	40
– 2	– 25
2	15

2. a. Si Mang Pedro ay nagtrabaho sa umaga sa habang 4 na oras at 30 minuto.

**Solusyon:**

Bawasan ng  
1 oras

Oras	Minuto
→ 12 – 1	00 + 60 ←
7	30

Oras	Minuto
11	60
– 7	– 30
4	30

- b. Si Mang Pedro ay nagtrabaho sa hapon sa habang 5 oras at 40 minuto.
- c. Ang kabuuang haba na pinagtrabaho ni Mang Pedro: 10 oras at 10 minuto.

**Solusyon:**

Oras	Minuto
4	30
+ 5	+ 40
9	70

Oras	Minuto
9	70
+ 1	- 60
10	10

*Magbalik-aral Tayo (pahina 15)*

1. Sagot: 8 oras at 20 minuto

**Solusyon:**

Oras	Minuto
18	45
10	25
8	20

8 oras at 10 minu

2. Sagot: Si Mang Berto ay nagtrabaho sa habang 2 oras at 55 minuto

Bawasan ng 1 oras →

Oras	Minuto
17 - 1	10 + 60 ←
14	15

Oras	Minuto
16	70
- 14	- 15
2	55

2 oras at 55 minuto



*Magbalik-aral Tayo (pahina 17)*

1. Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot:

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>
	07	15
	+ 3	+ 30
	10	45

Iskedyul ng pangatlong inuman ng gamot:

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>
	10	45
	+ 3	+ 30
	13	75

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>
	13	75
Dagdagan ng 1 oras →	+ 1	← - 60
	14	15

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 18–19)*

1. Sagot: 2 oras at 45 minuto

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>
Bawasan ng 1 oras →	5 - 1	10 + 60 ←
	2	25

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>
	4	70
	- 2	- 25
	2	45

2. Sagot: 5 oras at 20 minuto

	Oras	Minuto
Bawasan ng 1 oras →	17 - 1	05 + 60 ←
	11	45

	Hours	Minutes
	16	65
	- 11	- 45
	5	20

3. Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot: sa oras na 1250

	Oras	Minuto	
Dagdagan ng 3 oras	09	20	Dagd: 30 r
	+ 3	+ 30	
	→ 12	← 50	

Iskedyul para sa pangatlong inuman ng gamot: sa oras na 1420

	Oras	Minuto	
Dagdagan ng 3 oras	12	50	Dagd: 30 r
	+ 3	+ 30	
	15	80	

Oras	Minuto
15	80
- 1	- 60
14	20

1420 oras

### C. Aralin 2

*Magbalik-aral Tayo (pahina 22)*

1. Imumungkahi ko kay Aling Lolit na ayusin niya ang iskedyul ng kanyang mga gawain. Bigyan niya ng halaga ang mga pinaka-importanteng gawain. Bitawan na niya ang iba niyang gawain na sa palagay niya ay hindi masyadong mahalaga para mapagtuunan niya ng pansin ang mga gawaing mahalaga.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 26)*

1. Mahalaga ang pagtantiya ng oras bago gumawa ng isang gawain o bagay para maisagawa mo ito nang maayos at naaayon sa iskedyul o tamang oras. Ang tumpak na pagtantiya sa oras ay makatutulong sa iyo sa paggawa nang maayos na iskedyul.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 27)*

1. a. Ang mga importanteng gawain ang dapat unahin. Ang mahahalaga o importanteng gawain ay dapat matukoy o maihiwalay sa mga gawaing kailangan ding gawin subalit hindi mahalaga.  
b. Kapag natukoy na ang mahahalagang gawain, gawan ito ng iskedyul para mapagtuunan ng pansin at maisagawa ang mga ito.  
c. Ang pinakamahalagang bahagi sa pag-iiskedyul ng gawain ay ang pagkasakatuparan nito, kailang idisiplina mo ang iyong sarili na sundin ang nakatala sa iskedyul. Kailangan iwasan mo rin ang ugaling pagsasabukas ng mga gawain (ugaling manana o mamaya na)  
d. Iwasan ang mga gawaing hindi produktibo o hindi nakatutulong. Tukuyin mo ang mga gawaing ginagawa mo pero hindi naman nakatutulong para sa iyong kabutihan. Kapag natukoy mo na ang mga ito, iwasan mo na ito o kaya'y palitan mo ng mga nakabubuting gawain.  
e. Ang pagkalkula ng oras ay mahalaga para maiwasan mo ang pagiging huli sa iyong mga dadaluhang miting o deadline sa mga gawain. Sa pamamagitan ng pagtantiya kung ilang oras mong nagagawa ang isang bagay o gawain, makakalkula na nang maayos ang tamang oras para matapos mo ang iyong mga gawain.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 31)*

1. Naintindihan ko ang ibang bahagi ng talaan, pero kailangan ko ng tulong para maunawaan ang ibang bahagi nito. Ang maraming numero o kodigo ay nakalilito.
2. Sa pamamagitan ng pagbasa ng mga talaan, malalaman mo ang maaari mong sakyan sa iyong pagbibiyahe ayon sa iyong kaluwagan.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 36)*

1. a. Si Mang Anding ay sasakay sa biyaheng SF6/10
- b. Sa Biyernes sa ika-9:00 ng umaga
- c. Ang babayaran niya ay ₱ 5,080.00.
- d. Darating siya sa Sabado sa oras na 0700 o alas-7:00 ng umaga.
- e. Sa Huwebes ng ika-1900 na oras o alas-7:00 ng gabi

*Magbalik-aral Tayo (pahina 38)*

1. paglitaw ng buwan: sa oras na 0452  
paglubog ng buwan: sa oras na 1730
2. paglitaw ng buwan: sa oras na 0756  
paglubog ng buwan: sa oras na 2104
3. paglitaw ng buwan: sa oras na 0414  
paglubog ng buwan: sa oras na 1712
4. paglitaw ng buwan: sa oras na 0701  
paglubog ng buwan: sa oras na 1945
5. paglitaw ng buwan: sa oras na 0546  
paglubog ng buwan: sa oras na 1908

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutunan (pp. 39–41)*

1. a. Sa oras na 1100
- b. Biyahe bilang 5J-567
- c. Biyahe bilang 5J-561
- d. Sa oras na 0610
2. a. Sa Lunes sa oras na 2000
- b. ₱ 1,425.00
- c. Sa Sabado sa oras na 1800
- d. SF1/8

3. a. paglitaw ng buwan: sa oras na 0433  
paglubog ng buwan: sa oras na 1608
- b. paglitaw ng buwan: sa oras na 0701  
paglubog ng buwan: sa oras na 1945
- c. paglitaw ng buwan: sa oras na 0459  
paglubog ng buwan: sa oras na 1636
- d. paglitaw ng buwan: sa oras na 0314  
paglubog ng buwan: sa oras na 1450

**D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?** (pp. 42–44)

1. Si Mang Vic ay nagpintura sa bubong ng bahay nila sa tagal na apat (4) na oras at tatlumpu't limang (35) minuto

	Oras	Minuto
Babawasan ng 1 oras →	6 - 1	12 + 60 ←
	1	37

Oras	Minuto
5	72
- 1	- 37
4	35

2. Ang biyahe ni Mang Joey ay umabot sa tagal na 5 oras at 20 minuto

	Oras	Minuto
Babawasan ng 1 oras	15 - 1	05 + 60
	09	45

Oras	Minuto
14	65
- 09	- 45
5	20

3. Iskedyul para sa pangalawang inuman ng gamot: sa oras na 1215

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>	
Dagdagan ng 3 oras	08	45	Dagdagan ng minuto
	+ 3	+ 30	
	11	75	

<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>
11	75
+ 1	- 60
12	15

Iskedyul para sa pangatlong inuman ng gamot: sa oras na 1545

	<b>Oras</b>	<b>Minuto</b>	
Dagdagan ng 3 oras	12	15	Dagdagan ng minuto
	→ + 3	+ 30 ←	
	15	45	


4.
  - a. ugaling mañana – Kailangang mabago ng mga Pilipino ang ugaling pagsasabukas ang mga gawaing maaari pang gawin sa ngayon. Kailangang may disiplina sa sarili para magawa ang mga mahahalagang bagay sa takdang oras o panahon.
  - b. pagsusugal – Ito ay isang bisyong kinahihiligan ng mga Pilipino. Ang mga nahihilig sa sugal ay nakalilimot ng kanilang mga obligasyon at responsibilidad sa buhay. Kailangang iwasang hindi malulong sa sugal kung gusto ng isang tao na umasenso ang kanyang buhay, komunidad, at bayan.
  - c. pagdating sa mga dadaluhang miting o usapan – Ang mga Pilipino ay nababantog sa pagiging huli palagi sa pagdating sa mga pagtitipon, miting o usapan dahil iniisip nilang hindi naman magsisimula ang mga ito sa takdang oras. Kailangan natin ang dumating sa mga pagtitipon, miting at usapan nang maaga para hindi naman natin naaaksaya ang oras ng mga taong dumadalo o dumarating sa takdang oras.
5.
  - a. SF5/9
  - b. ₱4,750.00
  - c. Medju.
  - d. sa Huwebes sa oras na 0330



## Talahuluganan

**Bantog sa kasamaan** Natataguriang bantog sa kasamaan ang isang tao kung palagi siyang nasasangkot sa katiwalian o mga gawaing kriminal

**Ugaling mañana** Ang gawing pagpapabukas o pag-antala ng mga gawain maaaring gawin ngayon: (ang salitang mañana ay salitang Español na ang ibig sabihin ay “bukas”)



## Mga Sanggunian

Covey, Stephen. *First Things First*. Simon & Schuster Inc., New York 1994.

Department of Transport & Works. 2000. Bus Times. <<http://www.nt.gov.au/dtw/public/bustimes/route1.shtml>>. November 22, 2000, date accessed.

U.S. Naval Observatory, Astronomical Applications Department. 2000. Rise and Set times of sun & moon. <[http://mach.usno.navy.mil/cgi-bin/aa\\_rstablew](http://mach.usno.navy.mil/cgi-bin/aa_rstablew)>. December 5, 2000, date accessed.

Philippine Airlines. 2000. Flight Schedules. <[http://www.philippineair.com/body\\_lax.htm](http://www.philippineair.com/body_lax.htm)>. November 23, 2000, date accessed.

Cebu Pacific Air. 2000. Flight Schedules. <<http://www.cebupacificair.com/html/schedules.asp>>. November 23, 2000, date accessed.

Victory Liner. 2000. Bus rates and schedules. <<http://www.trapik.com/transit/victoryliner.htm>>. November 23, 2000, date accessed.

WG & A Superferry. 2000. Sea Transportation. <<http://www.lakbay.net.ph/seatransfers/wga3.html#manila>>. November 23, 2000, date accessed.